# Ano ang BC Summer Reading Club?

**Ang BC Summer Reading Club ay isang libreng reading program para sa mga bata.** Ito ay isang mahusay na paraan upang ma-practice o mapahusay ang reading skills sa summer, upang makipagkaibigan, makilala ang iyong komunidad at library, at mag-enjoy!

# Kilalanin ang BC Summer Reading Club Para sa mga Bata

**Upang hanapin ang library na pinakamalapit sa iyo,** mangyaring bisitahin ang https://bcsrc.ca/about-bcsrc/

Mayroon ka bang gustong itanong at hindi mo makita ang sagot dito? Magpadala ng email sa Provincial Coordinator sa bcsrc@bcla.bc.ca

British Columbia Library Association

www.bcsrc.ca
bcsrc@bcla.bc.ca

[Filipino]

# Maligayang Bati sa BC Summer Reading Club!

## IMPORMASYON PARA SA MGA PAMILYA AT CAREGIVERS

# READING CLUB PARA SA MGA BATA

# Ang Lahat Tungkol sa BC Summer Reading Club

### Sino ang maaring sumali?
Malugod na inaanyayahan ng BC Summer Reading Club na lumahok ang lahat ng mga bata at ang kanilang mga pamilya, at nais nitong magbigay ng libre, accessible, at fully inclusive program.

### Paano kami sasali?
Bisitahin ang inyong local library! Matutuwa ang staff sa Library na irehistro ang inyong anak nang libre, at ibibigay nila sa inyong anak ang lahat ng kakailanganin niya upang sumali sa Summer Reading Club. Masasabi rin nila sa inyo kung ano ang available na summer programs at mga aktibidad sa library.

### Paano ba ito gumagana?
Bisitahin ang inyong local library at bibigyan ang inyong anak ng libreng reading record upang makagawa siya ng rekord ng kanyang mga binabasa. Ang mga bata ay bibigyan din ng weekly sticker bilang premyo para sa kanilang accomplishments. Sa katapusan ng summer, magbibigay ang ilang library ng medalya sa mga batang nakakompleto ng program.

### Kailangan ko ba ng library card upang sumali sa BC Summer Reading Club?
Hindi ninyo kailangan ng library card upang sumali sa Summer Reading Club! Kung nais ninyong humiram ng mga libro, magtanong lamang sa staff kung paano kumuha ng library card.

### Kailangan bang naka-enroll ako sa isang eskwelahan?
Ang Summer Reading Club ay para sa mga batang nasa edad na pumapasok sa eskwelahan (5–14 taong-gulang), pero hindi kailangang naka-enroll ka sa isang eskwelahan upang sumali. Ang homeschoolers ay maari rin sumali!

### Kailan magsisimula ang registration?
Ang registration ay magsisimula sa Hunyo. Tumawag o bumisita lamang sa iyong local library upang malaman kung saan maaring mag-sign up.

### Ano ang binabasa ng mga bata sa Summer Reading Club?
Ang mga bata ay magbabasa ng story books, information books, graphic novels, at pati comic books! Magbabasa sila sa anumang wikang gusto nila, pati na sa American Sign Language, at sa anumang format na gusto nila, kasama ang audio books. Maari rin sila makinig sa isang taong magbabasa o magkukuwento.

Matutuwa ang library staff na magrekomenda ng mga libro at marami pang iba upang mawili ang iyong anak!

### Available ba ang program sa ibang mga wika?
Ang Summer Reading Club program materials ay bilingual (Ingles at Pranses), pero ang mga bata ay hinihikayat na magbasa ng mga libro sa anumang wikang pinaka-komportable para sa kanila na basahin, kasama ang ASL (American Sign Language).

Kung mayroon kang anumang tanong, tumawag o bumisita lamang sa iyong library.

### Para sa buong summer ba ang Summer Reading Club?
Medyo naiiba ang pagpapatakbo ng bawat library sa program. Ang program ay karaniwang nagsisimula sa bandang huli ng Hunyo at nagtatapos sa Agosto.

### Paano kung naka-miss kami ng isang araw ng reading?
Walang problema ‘yan! Basta patuloy lang na magbasa. Pagkatapos ng 7 araw ng pagbabasa, ang iyong anak ay makakakuha ng sticker!

### Paano kung hindi matapos ng aking anak ang program?
Maari pa ring mangolekta ng stickers ang iyong anak kahit hindi siya nakatapos. Maari ninyong itago ang reading record!

### Paano kung magbibiyahe kami sa summer?
Ipagpatuloy lamang ang pagbabasa! Kung kayo ay magbibiyahe sa loob ng BC sa summer, maari kayong bumisita sa anumang public library — ang lahat ng mga kalahok na library ay binigyan ng karagdagang stickerspara sa mga bisita. Kung magbibiyahe kayo sa labas ng probinsiya, sabihin lamang ito sa inyong library!